



Ang karamihan ng mga taong nagbabayad sa Social Security ay namamasukan sa isang empleador. Binabawas ng pinagta-trabahuhan ito ang buwis ng Social Security sa kanilang suweldo, tinutumbasan ang kontribusyong ito at pinada-dala ang mga buwis sa Internal Revenue Service (IRS) at ipinagbi-bigay-alam ang sinahod sa Social Security. Subalit ang mga taong nagta-trabaho sa kanilang sarili ay dapat ipagbigay-alam ang kanilang kinita at dapat magbayad ng kanilang buwis deretso sa IRS.

Ikaw ay nagta-trabaho sa iyong sarili kung ikaw ay nagpapalakad ng isang pangangalakal, negosyo o propesyon, mag-iisa ka man o bilang isang kasosyo. Ipagbi-bigay-alam mo ang iyong kita sa Social Security sa oras na ikaw ay mag-file ng federal income tax return. Kung ang iyong netong kinita ay \$400 o mahigit pa sa isang taon, dapat mong ipagbigay-alam ang iyong kinita sa Schedule SE bukod pa sa ibang mga forms para sa buwis na dapat mong i-file.

Pagbabayad ng buwis ng Social Security at Medicare

Ang Social Security rate ng buwis para sa 2012 ay 13.3 porsiyento ng kita sa pagta-trabaho sa iyong sarili hanggang sa \$110,100. Kung ang iyong netong kinita ay mahigit pa sa \$110,100, patuloy mong bayaran lang ang bahagi ng buwis ng Medicare ng Social Security, sa porsiyentong 2.9, sa mga nalalabi mo pang kinita.

May dalawang pagba-bawas ng buwis sa kinita na magpapa-baba ng iyong buwis.

Una, may bawas ng kalahati ang kabuuan ng kinita mong neto ng Social Security sa pagta-trabaho mo sa iyong sarili. Ito ay katulad ng paraan kung paano itinuturing ang mga empleyado sa ilalim ng batas ng buwis, sapagkat ang bahagi ng pinag-trabahuhan sa buwis ng Social Security ay hindi itinuturing na sahod ng empleyado.

Pangalawa, puwede mong ibawas ang kalahati ng iyong buwis ng Social Security sa IRS Form 1040. Pero ang pagbabawas ay dapat kunin sa iyong kabuuang kinita sa pagkalkula ng iyong inakmang kabuuang kita. Hindi maari ang pagta-tala ng itemized na bawas at hindi dapat ilita sa iyong Schedule C.

Kung ikaw ay may sinasahod at kumikita ka pa rin sa pagta-trabaho sa iyong sarili, ang buwis sa iyong sahod ang unang binabayaran. Subalit ang alituntuning ito ay mahalaga lamang kung ang kabuuan ng iyong kita ay mahigit pa sa \$110,100. Halimbawa, kung ikaw ay sumahod ng \$30,000 at \$40,000 mula sa pagta-trabaho sa iyong sarili sa taong 2012, babayaran mo ang naa-angkop na buwis ng Social Security para sa iyong sinahod at kinita sa negosyo. Ganoon pa man, sa 2012, kung ang iyong sinahod ay \$77,500 at ikaw ay may \$32,800 netong kinita mula sa negosyo, hindi ka magbabayad ng dobleng buwis sa Social Security sa mga kinitang mahigit sa \$110,100. Babawasin ng iyong pinagta-trabahuhan

ang 5.65 porsiyento para sa buwis ng Social Security at Medicare mula sa iyong kinitang \$77,500. Kailangan mong bayaran ang 13.3 porsiyento para sa buwis ng Social Security at Medicare sa iyong unang \$32,600 kinita sa pagta-trabaho sa iyong sarili at 2.9 porsiyento para sa buwis ng Medicare sa nalalabing kinitang \$200.

Mga credits sa pagta-trabaho

Ikaw ay kailangang nakapag-trabaho at nag-bayad ng buwis ng Social Security para sa siguradong tagal ng panahon tungo sa pag-kuha ng mga benepisyo sa Social Security. Ang kailanganing tagal ng panahon ng pagta-trabaho ay batay sa petsa ng iyong kapanganakan. Ngunit walang sinuman ang nangangailangan ng higit pa sa sampung taong pagta-trabaho (40 na credit).

Sa 2012, kung ang iyong netong kinita ay \$4,520 o mahigit pa, kinita mo na ang pinakamatas na apat na credit sa isang taon—isaang credit para sa bawat kinitang \$1,130 para sa taon. Kung ang iyong netong kinita ay wala pang \$4,520, maari mo pa ring kitain ang credit sa pag-gamit ng mga ibang di-sapilitan na paraan na inilalarawan sa bandang huli nitong katiyakang kaalaman.

Lahat ng iyong kinita na saklaw ng Social Security ay gagamitin para sa pagkakal-kula ng iyong benepisyo sa Social Security. Kaya importante na ipagbigay-alam mo ang lahat lahat ng iyong kinita. Ito ay ipinag-uutos ng batas.

Pagtatantiya ng iyong netong kinita

Ang mga netong kinita para sa Social Security ay ang iyong kabuuang kita mula sa iyong pangangalakal o negosyo, menos ang pinahihintulatang pagbabawas sa pangangalakal at depreciation.

Ang mga ilang kinita ay hindi kabilang sa Social Security at hindi dapat isama sa pagkalkula ng iyong netong kita:

- Mga tubo mula sa mga hati ng mga inimbak at interes sa mga bonds, maliban kung natanggap mo ang mga ito bilang isang dealer sa stocks at securities;
- Interes sa mga pautang, maliban kung ang iyong negosyo ay pagpapautang ng pera;
- Upa mula sa real estate, maliban kung ikaw ay dealer sa real estate o palagiang inilalaan ang serbisyo sa kaginhawahan ng nakatira; o
- Kita na natanggap mula sa isang may-takdang kasosyo.

Di-sapilitan na paraan

Kung ang iyong talagang netong kinita ay menos sa \$400, ang iyong kinita ay bibilangin pa rin para sa Social Security alinsunod sa di-sapilitan na paraan ng pag-uulat. Puwedeng gamitin ang di-sapilitan na paraan kung ang iyong kabuuang kita ay \$600 o mahigit pa o kapag ang iyong tubo ay menos sa \$1,600.

(kabila)

Puwede mong gamitin ang optional na paraan limang beses lamang sa buong buhay mo. Ang iyong talagang neto ay dapat \$400 lang o mahigit pa at hindi hihigit kumulang sa dalawang taon nitong nakaraang tatlong taon, at ang iyong netong kita ay kina-kailangang menos ng two-thirds ng iyong kabuuang kita.

Ganito kung papaano ito magagawa:

- Kung ang iyong kabuuang kinita sa pagta-trabaho sa iyong sarili ay sa pagitan ng \$600 at \$2,400, ipagbigay-alam mo ang dalawang bahagi ng ikatlo ng iyong kabuuan o ng iyong netong kinita; o
- Kung ang iyong kabuuang kinita ay \$2,400 (o higit pa) at ang talagang netong kita ay \$1,600 (o menos), ipagbigay-alam mo ang netong kita mong \$1,600 o ang iyong talagang netong kinita.
- Magkakabisa sa taong 2008 ng buwis at sa mga sumusunod, ang pinakamataas na halagang maiiulat gamit ang optional method ng pag-uulat ay katumbas ng halagang kailangan upang makakuha ng apat na work credit para sa nasabing taon. Halimbawa, para sa taong 2012 ng buwis, ang pinakamataas na halagang maiiulat gamit ang optional method ng pag-uulat ay \$4,520 (\$1,130 x 4).

Natatanging notisya para sa mga magsasaka: Kung ikaw ay magsasaka, puwede mong gamitin ang di-sapilitan na paraang pagbibigay-alam bawat taon. Hindi mo kinakailangang mag-karoon ng tunay na netong kinita na hindi kumukulang sa \$400 ng nakaraang taon. Iminumungkahi namin na ikaw ay tumawag sa amin at hingiin ang kopya ng, *A Guide For Farmers, Growers And Crew Leaders* (Publikasyon Blg. 05-10025, *Pamamatnubay Para Sa Mga Magsasaka, Growers at Crew Leaders*). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles. Siya rin, ang ibang halaga ng gross farm profit, net farm at non-farm profit ay nagbabago.

Ang IRS Publication 334, *Tax Guide for Small Business*, ay may karagdagang nakakatulong na impormasyon. Ito ay makikita mo sa www.irs.gov o tumawag sa 1-800-829-4933.

Paano ipagbibigay-alam ang kinita

Dapat mong kumpletohin ang mga sumusunod na federal tax form bago mag ika-15 ng ng Abril pagkatapos ng anumang taon na nagkaroon ka ng netong kinita na \$400 o mahigit pa:

- Form 1040 (U.S. *Individual Income Tax Return—Ulat ng Buwis na pang-individual sa Estados Unidos*)
- Schedule C (*Profit or Loss from Business—Pakinabang o Pagkalugi mula sa Negosyo*) o Schedule F (*Profit or Loss from Farming—Pakinabang o Pagkalugi mula sa Pagsasaka*) Kung naa-angkop; at
- Schedule SE (*Self-Employment Tax—Buwis sa Pagta-trabaho sa Iyong Sarili*).

Maaari kang makakuha ng mga form na ito sa website ng IRS sa www.irs.gov. Ipadala ang form (tax return) at ang mga nakatakdang bayarin kasama ang iyong self-employment tax sa IRS.

Kahit na wala kang pagka-kautang sa mga buwis na kita, dapat mong kumpletohin ang Form 1040 at Schedule SE upang magbayad ng buwis sa Social Security para sa pagta-trabaho sa iyong sarili. Ito ay dapat mong gawin kahit na tumatanggap ka ng mga benepisyo ng Social Security.

Pagsasa-ayos ng pang-pamilyang kalakalan

Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring magkasamang magpatakbo ng negosyo. Halimbawa, ang isang mag-asawa ay maaaring maging magkasosyo o magpatakbo ng isang pinagsamang negosyo (joint venture). Kung kayong dalawa ay magkasamang nagpatakbo ng isang negosyo bilang magkasosyo, bawat isa sa inyo ay dapat iulat ang iyong bahagi sa mga kinikita ng negosyo bilang neto (net earnings) sa magkahiwalay na self-employment returns (Schedule SE), kahit na mag-file kayo ng magkasamang income tax return. Ang mga magkasosyo ay dapat magpasya sa halaga ng neto na dapat iulat ng bawat isa (halimbawa, 50 porsiyento at 50 porsiyento). Gayundin, ang isang mag-asawa na parehong malaki ang partisipasyon sa isang negosyong parehong pag-aari at magkasamang nagpa-file ng form ay maaaring gumawa ng paghalal kung paano bubuwisan bilang isang kwalipikadong 'joint venture' sa halip na isang 'partnership'. Ang bawat isa ay dapat mag-file ng magkahiwalay na Schedule C o C-EZ.

Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov o tumawag ng libre, sa 1-800-772-1213 (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa 1-800-325-0778). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.